Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-13 NG PEBRERO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 21-2020

ISANG KAPASIYAHAN NA MAGALANG NA HUMIHILING SA SENADO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, SA PAMAMAGITAN NI IGG. VICENTE SOTTO III, SENATE PRESIDENT, NA MAKAPAGPASA NG ISANG BATAS UPANG TULUYANG MAGING GANAP NA ISANG HIWALAY O' BUKOD NA DISTRITO O' LONE DISTRICT ANG LUNGSOD NG MALOLOS.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO,
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE,
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO,
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO,
KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, noong ika-4 ng Nobyembre, 1999 ay pinagtibay ng Mabunying Kongreso ng Republika ng Pilipinas ang Batas Republika Blg. 8754 o mas kilala bilang "Charter of the City of Malolos";

SAPAGKAT, ang noong Kinatawan ng Unang Distrito ng Bulacan para sa Mababang Kapulungan na si Igg. Marivic Sy-Alvarado ay nag-akda ng House Bill No. 655 na lumilikha sa Natatanging Distritong Pang-Kongreso ng Malolos o' Congressional Lone District of Malolos;

SAPAGKAT, mula taong 2007 ay ipinahayag ng mabunying Sangguniang ito ang kahilingang maging bukod at Natatanging Distritong Pang-Kongreso ang Lungsod ng Malolos sa bisa ng Kapasiyahang Panlungsod Blg. 92-2007 at Kapasiyahan Blg. 98-2007 at Kapasiyahan Blg. 104-2007;

SAPAGKAT, muling nagpatibay ang Sangguniang Panlungsod noong taong 2015 sa ilalim ng Kapasiyahang Panlungsod Blg. 127-2015 na nagpapahayag ng pagtangkilik at pagsuporta sa House Bill No. 655;

SAPAGKAT, sa ilalim ng City Resolution No. 183 at 184-2016 ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos ay ipinahayag ng kasapian nito ang muling panawagan at kahilingang maging isang ganap na "Lone District" ang Lungsod ng Malolos;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE KASANGGUNI

SAPAGKAT, batay sa itinatagubilin ng Seksyon 5, parapo 3 ng Artikulo 6 ng Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987 ay naghahayag ng gaya: *"Each Legislative District shall comprise, as far as practicable, contiguous, compact and adjacent territory. Each City with a population of at least two hundred fifty thousand, or each Province, shall have at least one representative"*;

SAPAGKAT, batay sa tala ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang Lungsod ng Malolos ay may kabuuang populasyon na 252,074 base sa naging census ng taong 2015;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay binubuo ng 51 Barangay at nagpapahayag ang mga mamamayan nito ng pagsuporta at pagsang-ayon sa paglikha ng natatanging Distrito para sa lungsod nang marinig ang nagkakaisang tinig ng mga Malolenyo sa Kongreso na makakatulong sa pag-ukit at paglikha ng mga batas na iiral sa Kapuluan ng Pilipinas;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay lunan ng mga Dakilang Bayani ng Bayan at Duyan ng Unang Republika ng Pilipinas at sa dakong Asya at Aprika na nagbunsod ng kalayaan ng bansa buhat sa kamay ng mga dayuhang mananakop;

SAPAGKAT, ang nasabing hakbang ay magbibigay representasyon at tinig sa mga Malolenyo sa Mababang Kapulungan at gayundin, ang makapagsagawa ng angkop na serbisyong panlipunan, makapagsulong ng pag-eempleyo at makapagdulot ng pagpapabuti ng kalidad ng pamumuhay ng lahat ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang Dakilang Lunan ay sentro at kapital ng Lalawigan sa lahat na aspetong panlipunan at ang anumang galaw ng nasabing lugar patungkol sa nabanggit ay ramdam sa buong lalawigan at karatig lugar, kung di man sa buong bansa;

SAPAGKAT, upang magkaroon ng katuparan ang pagiging Lone District ng Lungsod ng Malolos at magkaroon ng sariling kinatawan sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ay kinakailangan na maamyendahan ang Seksyon 57 ng Republic Act No. 8754 na binabanggit sa itaas na gaya ng mga sumusunod:

> *"Section 57 - Representative District. Until otherwise provided by law, the City of Malolos shall continue to be part of the First Congressional District of Bulacan Province".*

at sa halip ay maamyendahan gaya ng mga sumusunod:

> *"Section 57. - Resprentative District. The City of Malolos shall become a Lone District and have its own Representative District to commence in the next National Election after the effectivity of this Act".*

KUNG KAYA, sa magalang na mungkahi at kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng bumuuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na magalang na humihiling sa Senado ng Republika ng Pilipinas, sa pamamagitan ni Igg. Vicente Sotto III, Senate President, na makapagpasa ng isang Batas upang tuluyang maging ganap na isang Hiwalay o' Bukod na Distrito o' Lone District ang Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

______________________
**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*02132020